# CHAPTER 7:

Chloe's POV;

Hindi ko man mamulat ang aking mga mata pero ramdam kong nasa paligid ko sila. Masakit ang buong katawan ko at halos hindi ko magalaw... ramdam ko ang pakikirot ng noo ko pero hindi ko yon ininda at dahan dahan kong minulat ang aking mata at nasilayan ang nag aalalang muka ng aking ina

"How's your feeling baby? May masakit ba sayo? May gusto ka bang kainin? tell me baby" nag aalalang tanong ni mom

"I'm ne mom thanks" sabi ko at nilibot ang buong paligid huli ko ng nalaman na nasa kwarto na pala ako dahil ang huling naalala ko ay nahimatay ako sa tapat ng canteen

"Iwanan nyo muna kami" nagawi ang paningin ko kay papu na tinutulak nya ang wheelchair nya papunta sakin

Ngayon ko lang napansin na nandito pala silang lahat ultimo sila tita tiff and tita stacey at ang barkada. Lumabas silang lahat bukod kay papu at ngayon ay nasa tabi ko na sya

"I know that you're a strong woman but it doesn't mean that you can protect yourself for everyone who wants to hurt you... I always say take care of yourself... hindi ko kayang makitang may mangyayaring hindi maganda sayo" sermon ni papu sakin

"I don't know what or how to protect myself from people who wants to hurt me but i can promise you one thing that i will never allow them to do what they want" matigas na sabi ko na agad naman na napangiti si papu

"That's my girl... you never fail to make me smile... i trust you chloe" ngiti nya at agad naman na napaiwas ako ng tingin dahil alam ko ang ibig nyang sabihin

Gusto nyang ihandle ko ang red dragon dahil ako ang pangatlong magiging pinuno dito at higit sa lahat ako ang pinaka huli hahawak nito... Labag man sa loob ko ang bagay na yun ay pinipilit kong tanggapin dahil ayokong madisappointed sakin si papu... sakin nya pinag kakatiwala ang lahat... hindi ako ganun kalakas at hindi ako ganun katapang para sa ganun... tao din ako may sariling mahinaan at kagustuhan...

'Pero lalaban ako....'

Damon's POV;

It's another monday again... at anim na araw na ang nakakaraan ng mangyari ang pangyayaring yun... Hindi ko maimagine ang muka ko ng masilayan ang mukang at katawan nyang nanghihina habang naliligo sya sa sarili nyang dugo

May konting kirot sa puso ko ng masilayan ang pangyayaring yun na tila ba'y hindi ko makilala ang sarili... Hindi ko dapat maramdaman ang bagay na yun kaya hindi ko maintindihan... halos 2 buwan pa lang kaming mag kakilala at 2buwan na kaming parang aso't pusa pero nung araw lang na yun ko sya nakitang parang nanghihingi ng tulong at nung araw lang na yun doon ko lang naramdaman ang ganoon pakiramdam

'Ang weird'

"Dre! Okay ka lang? kanina kapa tulala ah... parang ang lalim naman yata ng iniisip mo" sita sakin ni andrew

"Tsk! iniisip lang nya si chloe kaya ganyan yan... halos di makagalaw yan nung makita na duguan si chloe eh!" singit ni zeke

"Naks dre lumalambot naba ang puso? hahahaha" sabi ni andrew at nag si tawanan naman sila bukod kay lucas

"F*ck you dre kahit kelan diko magugustuhan yung manang na yun no" sagot ko

"Watch your words dre hahaha" biro sakin ni zeke

Pero sinamaan ko lang sya ng tingin at agad na tumayo at nag lakad palayo

"Affected ampota hahahaha" sigaw ni andrew at rinig na rinig ko ang malakas na tawa nila ni zeke

'Tsk! ako mag kakagusto dun sa manang na yun? dahek never'

Nauna nakong pumasok sa room pero hindi talaga ako ganto noon hindi ko alam kung anong nangyari sakin. Iiling iling akong pumasok sa room, nakarating ako sa upuan ko at hindi ko maiwasang hindi mapatingin sa upuan ni chloe

'Tsk bakit ba iniisip ko yun'

Lumipas ang mga minuto at agad na dumami ang tao dito sa room, nandito na din sila zeke pero nakahiwalay sila ng upuan sakin kaya wala akong nagawa kundi tumahimik na lang. Hindi na kami nakakapag usap ni shine dahil masyado syang busy sa darating na exam

"Goodmorning class" nabalik ako sa ulirat ng pumasok si miss fajardo

"Goodmorning miss" sagot naming lahat

Nag start na mag sulat sa white board si miss ng makarinig kami ng ingay sa labas

"Omyghashhh si chloe ba yan?"

"Tsk hindi bagay sakanya!!"

"Akala naman nya gaganda sya jan!!"

"Tsk! mag papapansin na naman yan!"

Napahinto ako sa pag susulat ng marinig ko yun kaya automatic akong napatingin sa pintuan at halos hindi ko maalis ang paningin ko ng makita sya

"Goodmorning miss, sorry i'm late" mahinang sabi nito habang dere-deretsyong pumasok

'Bumagay sakanya yung uniform natin'

'Maganda naman talaga si chloe hindi lang talaga marunong mag ayos'

'Ang ganda nya'

'Omgiiii nakakainggit naman yung katawan nya'

'Lumabas ang mapuputi at makinis nyang balat'

Rinig kong bulungan ng mga kaklase namin habang ako nakatingin sakanya papalapit sa gawi ko, May malaki pa rin syang gasa sa noo nya at masasabi kong bumagay talaga sakanya yung uniform nya... lumabas ang kaputian nya at ang tunay na kagandahan nito

'Tsk ano ba tong iniisip ko peste'

Iniwas ko ang paningin ko sakanya at pinag patuloy ang pag susulat ko kahit na medyo naiilang ako ng maramdaman kong nakatabi na sya sakin

"Akala ko tutulo na laway mo kanina e" mahinang sabi nya at alam kong ako yung sinabihan nya

"Ang kapal mo naman!!" sigaw ko

"Mr. Cortton what's wrong with you huh? bakit ka sumisigaw?" inis na tanong ni miss fajardo

"Nothing miss... i'm sorry" sabi ko at agad na sinamaan ng tingin tong manang nato

Kita ko ang pag ngisi ni chloe pero iniwas ko agad ang paningin ko dahil meron kung anong lumilipad sa tyan ko, hindi ko na sya pinansin at pinag patuloy ang pag susulat ko hanggang sa

*Tokkkkk*Tokkk*

"Excuse me miss Fajardo nandito na ang transferee" rinig kong sabi ng isa pang guro sa labas

Napakunot ang noo ko ng marinig yun kaya agad na tumingin ako sa pinto

'Omgyyy ang cute nya'

'Aghhhh!! crush ko na sya'

'Ang puppy naman nya'

'Dito ka sa tabi ko plssss'

'Ang gwapo gwapo nya'

Rinig kong bulangan ng mga kaklase ko, Napakunot ako ng noo ng unti unti itong pumasok sa room, nilibot nya ang buong classroom pero nag taka ako ng matigil ang mata nya sa gawi ko. Tumingin ako sa gilid ko at nakita kong walang paki si chloe na pinag papatuloy ang pag susulat nya kaya nabalik ang paningin ko dun sa transferee na lalaking yun

"Introduce yourself rst" sabi ni miss Fajardo kaya dumeretsyo ito sa gitna at huli ko ng nalaman na nakatingin na pala sakanya si chloe at nakatingin na rin sya kay chloe

Pinag cross ko ang mga braso ko at tumingin ng masama sa lalaking nasa harap nato

"I'm Kurt Zein Luna and i'm from Kingdon University" sabi nito at agad na nginitian sya ni miss Fajardo

Nilibot ni Miss Fajardo ang mata nya ng matigil ito sa akin, Kumunot ang noo ko ng mag palipat lipat ito ng paningin samin ni chloe

"Mr. Cortton Lumipat ka sa likod ni Ms. Scott dahil Jan ko papaupuin si Mr. Luna" halos di maipinta ang muka ko ng marinig ko yun

'Tsk!? bakit kailangan ako pa ang lumipat? e pwede naman yang kurt na yan ang umupo sa likod'

Tinaasan ako ng kilay ni Miss Fajardo kaya inis ako tumayo at lumipat sa kilod ni chloe at ngingiti ngiti namang nag lakad papunta itong kurt nato kay chloe

"Hi" Bati nito kay chloe pero hindi sya pinansin ni chloe kaya napangisi ako

Tumingin sakin si kurt pero sinamaan ko lang sya ng tingin... Dumaan ang mag hapon at kita ko ang pangungulit ni kurt kay chloe, mag kasama din sila sa recess and lunch kaya naiinis ako at hindi ko alam kung bakit

'Tsk!!! I hate this feeling'

Tinatry kong bwisitin si chloe pero nakatuon ang atensyon nya kay kurt kaya wala nakong nagawa kundi ang sumimangot na lang

"Dre... watch your words" mahinang bulong sakin ni zeke

"Shut up dre, never and ever" sabi ko at agad na pumasok sa sasakyan ko at tinahak ang daan pauwi

Inis akong pumasok sa bahay at wala akong nadatnan bukod sa mga maids and guards na nandito sa bahay dumeretsyo na lang ako sa kwarto ko at inistalk ang f*******: acc. ng chloe na yun

Inis kong napabato ang cellphone ko dahil hindi mahilig mag post si chloe kaya wala akong nagawa kundi ipikit na lang ang mga mata ko at agad na nakatulog

****************

KEEP READING( ｡♡‿♡ ｡ )